

Chapter One

Lottie took a deep breath pagkalabas niya ng NAIA.
“Lottie!”

Sinundan niya ang direksyon ng tinig at tipid na ngumiti nang makilala ang family driver.

“Kumusta ka na, hija? Mabuti at nakarating ka nang maayos.”

“Maayos naman po, Mang Roger. Tayo na ho.”

Tumango ang matanda at maagap na pinagbuksan siya ng pinto ng kotse. Mabilis din nitong ipinasok sa back compartment ang dala niyang dalawang maleta at isang maliit na box ng pasalubong. Pagkatapos ay sumakay na ito at agad na pinaandar ang sasakyan palayo sa airport.

“Gusto mo ba munang dumaan sa mansyon bago ka—”

“Dumerecho na po tayo sa ospital. Gusto ko nang makita si Daddy.” Her voice trembled and her eyes watered.

Anim na taon...

Anim na taon niyang hindi nakasama ang ama. Anim na taon na pinili niyang manirahan sa Paris, malayo sa mga taong minamahal niya. It wasn't an easy decision. It was a choice Lottie had to make to salvage what was left of her dignity and her sanity.

At ang naging consequence ng ginawa niyang



pagtakas... wala siya sa piling ng ama nang ma-diagnose ito ng cancer.

Isang butil ng luha ang tumulo mula sa kanyang mga mata. Pinahid niya iyon bago pa mahalata ng matandang driver na umiiyak siya. He kept glancing at her from the rear view mirror with a worried frown.

Nang pumasok ang kotse sa parking lot ng *St. Luke's Medical Center*, mabilis ang naging pagtahip ng dibdib ni Lottie. Matapos sabihin ng driver kung saang silid naroon ang kanyang ama ay nauna na siyang pumasok.

Her knees turned to jelly nang nasa tapat na siya ng pinto ng private suite. Pumikit siya at umusal ng isang maikling dasal, huminga nang malalim pagkatapos at saka pinihit ang seradura. Naitakip niya ang isang palad sa bibig para pigilan ang malakas na pagsinghap. Her tears instantly fell.

“D-Daddy...” she whispered.

Lumington ang matandang babaeng nagbantay rito.

“Lottie, hija.” The old woman stretched her arms and she willingly embraced her.

“Tita Ana.”

“I’m so glad na narito ka na, hija. Palagi kang hinahanap ng daddy mo.” The older woman’s voice was trembling, too.

“I’m so sorry.” Hindi na niya napigil ang pagbuhos ng emosyon, impit siyang umiyak sa balik ng tiyahin. “I’m so sorry.”

“Shh... tahan na. Ang mahalaga’y narito ka na. I-ikaw lang ang hinihintay niya, Lottie.”

Muling bumalong ang kanyang luha.

“You need to be strong for him, Lottie. You know your father. Ayaw na ayaw niyang malungkot ka.”

Kagat-labi siyang tumango. Hinayaan na niyang tumulo ang luha. Hindi rin naman niya mapigil ang pag-iyak.

Bumitaw siya sa tiyahin at lumapit sa kama ng ama. Kung hindi lang sa familiar features nito na kilalang-kilala niya, hindi aakalain ni Lottie na ito ang daddy niya. Humpak at maputla ang mukha nito. Nawala ang tikas ng katawan. He looked like someone had drained the life out of him and left him to wither.

“W-wala na po bang paraan, Tita? We can bring him abroad. Surely—”

“The cancer had metastasized, Lottie. Hindi na gumagana ang isang kidney ng daddy mo. And at his present state, hindi na niya kakayanin pa ang biyahe.” Hinawakan nito ang isang braso niya at malungkot na umiling. “The doctors have done their best. I-it’s just a matter of time, hija. I’m sorry.”

Nanikip ang dibdib niya sa tindi ng sakit. She couldn’t believe she’s about to lose her father.

“H-how long do we have?” halos pabulong na tanong ni Lottie.

“A week, two at the most.” Naramdaman niya ang pagpisil nito sa kanyang balikat. “Ginagawa ng mga doktor ang lahat para maging komportable siya, para hindi niya gaanong maramdaman ang sakit. But only your presence could make him happy, Lottie.”

“K-kung alam ko lang na ganito siya kagrabe...” Bumikip na sa kanyang lalamunan ang mga salita. “I never



should've left, Tita. Masyado akong naging makasarili. It was all my fault.”

“Lottie.” Muli siyang niyakap ng tiyahin dahil humagulgol na naman siya ng iyak. “You’ve been through a lot. Naiintindihan namin kung bakit kinailangan mong umalis. Wala kang kasalanan, hija. At isa pa, desisyon ng daddy mo na huwag ipaalam sa ’yo na malala na ang sakit niya. Ayaw niyang mag-alala ka.”

Her aunt’s comforting words failed to diminish the guilt. It was her fault. Everything was her fault!

The patient stirred. Agad niyang hinawakan ang isang kamay nito. It was warm yet fragile. She remembered being held by the same hand when she was a kid.

“Daddy?” she choked on a sob. Nagdilal ito ng mata at ngumiti nang makilala siya.

“B-Baby...” he whispered. Napangiwi ito nang tangkaing kumilos. “I’m so glad to see you,” paputol-putol na dugtong nito.

Kinagat ni Lottie ang ibabang labi para huwag mapahagulgol. “I... I’m glad to see you, too. I missed you.” She smiled and touched his face.

Kahit hirap, itinaas ng matanda ang isang kamay at ginagap ang palad niyang nasa pisngi nito. “You’re beautiful, just like your mother.”

“Thank you.” The words barely went out of her mouth.

“I... I’m going to see her soon, Lottie.”

Noon na tumulo ang kanyang luha. Nagpakatatag pa rin siya. Her heart was aching. She had so much to say to her father but only for so little time. Every second was an agony, yet very precious.

Malalim itong bumuntong-hininga.

“After all those years, finally... I’m going to see her,” her father said dreamily. Tootoo ang kasiyahang nasa mukha nito. Muli itong bumaling sa kanya. “I... I hope you don’t mind.”

Ngumiti si Lottie at pilit itinago ang takot. She had to accept the fact that he would be gone soon. Isang magandang konsolasyon na lang dahil tanggap na nito ang kamatayan. And that he would die in peace knowing that the only woman he loved was waiting at the end of the tunnel.

“I... I missed her so much.”

Ilang ulit siyang lumunok upang alisin ang bara sa lalamunan. Behind her, narinig niya ang impit na pag-iyak ng kanyang tiyahin.

“I know you do, Dad.”

Ngumiti ito. “I... I’ll always be by your side, Lottie. No matter what happens, hold on to your faith. Never be afraid to love, Baby. In the end, love will conquer all. Just be patient. You’ll see...”

Maybe they were given a few seconds of miracle dahil derecho iyong nasabi sa kanya ng ama.

Sumenyas itong lumapit siya. With his last ounce of strength, he embraced her.

“I... I’m so sorry, Daddy! I’m sorry for everything.”

“Sshh... it doesn’t matter. You’re just as we prayed for. Your mother and I are very proud of you. I love you so much, Baby.”

“I... I love you too, Dad. Kiss Mom for me, will you? Tell her I love her so much.” It was all she could say. Sa



maikling panahong nabilanggo siya sa bisig ng ama, ibinuhos niyang lahat ang sama ng loob.

Hindi na muna siya umuwi ng bahay. Nanatili siya sa tabi nito. She watched as he drifted in and out of consciousness. Sebastian fought for three more days bago ito tuluyang mamaalam.



Brent stared at the solitary black-clothed figure in front of the coffin. Inakala niyang hindi na niya ito muling makikita mula nang magpasya itong umalis ng bansa anim na taon na ang nakakaraan. She came back for her father.

“Lottie.”

She flinched when he touched her shoulder. Even in mourning, she was still a picture of elegance. Tahimik lang itong nakabantay sa kabaong ng ama, her body rigid with tension. Namumugto pa rin ang mga mata nito and there were dark circles around them. Hindi niya mapigilang mag-alala.

“I-ikaw pala, Brent,” mahinang sabi nito. Sandali lang itong sumulyap sa kanya at muli ring ibinalik ang pansin sa kabaong.

Nang umupo siya sa tabi nito, pasimple itong umusod palayo.

“Thanks for coming, and for visiting him at the hospital. Sinabi sa akin ni Tita Ana na palagi mo raw siyang dinadalaw n’ong wala ako.”

Tumango siya. Hindi iyon ang gusto niyang pag-usapan nila. Kahit maituturing na milagro na kinakausap siya nito. Sa laki ng kasalanan niya kay Lottie, inaasahan na niyang itataboy siya nito.

But Lottie's Lottie. Hindi ito mapagtanim ng galit. Maybe there was hope for him. Maybe he could still redeem himself.

"You need to rest. Bakit hindi ka muna pumasok sa adjoining room para makapagpahinga kahit sandali? Kami na muna nina Mommy ang bahala dito. Tumabi ka na kay Tita Ana."

Kanina ay pumasok sa loob ng maliit na silid ang tiyahin nito para umidlip.

"I'm fine, Brent. Hindi ako inaantok."

"You're exhausted."

Humikbi ito. He draped an arm around her shoulder. Hindi niya ito binigyan ng pagkakataong makaiwas. Alam niyang malakas ang loob nito. Ngunit sa pagkakataong iyon, hindi sapat ang lakas ng loob ni Lottie. She needed someone. And although he was the last man she'd wished to be with, that moment was all he got. At wala siyang intensyong magtago o umiwas dito. Brent would be beside her no matter how she detested his nearness.

"Halika na."

"Brent," pagtutol nito. "Please, will you just leave me alone? I'm fine."

"Hindi kita iiwan, Lottie. Whether you like it or not, I'm here. At hindi ako aalis. So kung ayaw mong lumikha ng eskandalo sa burol ng daddy mo, susunod ka sa gusto ko."

Her lips trembled as she stared at him. She had always been submissive. But she could be stubborn, too. Malas nga lang nito dahil wala rin siyang balak magpatalo.

"Why are you doing this?" pabulong na sumbat nito.



For a moment, he could not find the words to say. All he wanted was to gather her in his arms and hold her until she cried her last tears.

“Dahil hindi matutuwa ang daddy mo na pinababayaan mo ang sarili mo. Ilang araw ka nang hindi kumakain. And no, don’t blame your aunt dahil hindi siya ang nagsumbong sa akin,” dagdag agad ni Brent nang pukulin siya ni Lottie ng isang matalim na sulyap. “Nakita ko mismo, Lottie. Haven’t you noticed? Hindi ako umaalis sa paligid mo.”

Humarap itong muli sa kabaong at pinagkrus ang mga braso sa dibdib. “Well, you should leave. I don’t need you.”

“The hell you don’t!” he muttered. “Tatayo ka ba diyan o bubuhatin pa kita?”

Namimilog ang mga matang tunitig ang babae sa kanya. “I told you.”

“If you keep challenging me, I’ll kiss you right here, right now!” he hissed.

Kahit namumutla, mabilis na gumapang ang kulay sa magkabilang pisngi ni Lottie. Ngunit ilang segundo lang ang naging pagkabisigla nito. She made a short, hollow laugh. Pain crossed her eyes.

“At gusto mong maniwala ako? Come on, Brent. Stop making jokes. Ako ang higit na nakakaalam na hindi mo gagawin ang banta mo. It’s not that you won’t, you can’t.” Her last words mirrored the pain in her eyes.

Naroon din ang regret. Sa maikling sandaling naghari ang katahimikan, kapwa bumalik ang isip nila sa isang tagpo sa nakaraan. Brent cursed under his breath.

Naramdaman niya ang pagtayo ni Lottie. Sinundan niya ito ng tingin. Pumasok ang babae sa kuwartong

tinutukoy niya, para siguro makalayo sa kanya. Kahit ano pa, ang mahalaga ay napagpahinga niya ito. Tinawag ni Brent ang isang katulong na namamahala sa pagkain, inutusan niya itong hatiran ng pagkain sa kuwarto si Lottie.



Linggo ng hapon, eksaktong ikalimang araw mula nang mamatay si Sebastian, itinakda ang libing. Sa loob ng ilang araw na iyon, para siyang isang sentry na nagbantay sa babae. Hindi na ito tinangka pa ni Brent na muling lapitan at kausapin. Na-realize kasi niyang binubuhay ng presensya niya, hindi man sinasadya, ang ilang hindi magagandang alaala sa pagitan nila. And yet he couldn't bear to leave her.

Nagsimula at natapos ang memorial mass na hindi inaalís ni Brent ang tingin kay Lottie. His heart ached when he saw her shoulders tremble. Unconsciously, humakbang siya palapit dito nang marinig ang hagulgol nito nang ibinababa na sa hukay ang kabaong ng ama. He wanted to imprison her in his arms right then, to whisper words of comfort. Pero naunahan na siya ng tiyahin nito. So he stood frozen, staring at her back, hearing her sobs.

He berated himself when he realized the futility of what he wanted to do. Wala siyang karapatang magbigay ng comfort sa dalaga, when it was him who gave her the deepest pain six years ago. It was him who forced her to flee from everyone and everything she loved.

Kung binigyan lang sana niya ng pagkakataon ang relasyon nila...

He wanted to. Only he realized it too late. She was already gone.